REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 14**

**KAPASIYAHAN NA MAGSASAGAWA NG PAGBILI NG MGA SANDATANG PUMUPUTOK (FIREARMS) PARA SA MGA KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN AT MGA PUNO NG BAWAT DEPARTAMENTO NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA BILANG SANGGALANG AT PROTEKSIYON SA SARILI SA PAGTUPAD SA TUNGKULIN.**

---

SAPAGKAT, lumalaganap ang krimen at karahasan tulad ng pagpatay sa mga nanunungkulan sa pamahalaan maging sa lokal man o nasyonal;

SAPAGKAT, lumalala ang katayuan ng katahimikan at kaayusan sa ating bayan;

SAPAGKAT, kinakailangang maipagtanggol at magkaroon ng pagsang-galang sa sarili sa anumang karahasan na isasagawa sa mga nagpapa-tupad ng magandang layunin ng Pamahalaang Bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang mga kasapi ng Sangguniang Bayan ay nagka-isa sa pagbili ng mga sandatang pumuputok (firearms) para sa mga kagawad ng Sangguniang Bayan at sa mga puno ng bawat departamento.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan sa kanilang pang sampung pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika 18 ng Abril, 1988.

PINATUTUNAYANG TOTOO :

Atty. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATUTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Abril 18, 1988

RRC:vts